住まいのルールブック（タガログ語版）

Korporasyon na Nagtutustos ng Pabahay sa Prepektura ng Kanagawa

Tagalog

# Alituntunin sa Pabahay



# Maligayang Pagdating sa Pampublikong Pabahay!

Upang maging komportable ang inyong pamumuhay sa ating pampublikong pabahay,
Nais naming ipaalam ang mga patakaran at magandang asal na dapat sundin.

## Paglipat sa pabahay

### 1 Hinihiling namin na sumali kayo sa "Samahan ng residente" (Jichikai).

Ang "Samahan ng residente" ay isang organisasyon kung saan ang mga residente ay kasapi. Kapag mayroong mga problema, tutulong ang samahang ito sa inyo. Kapag natapos na ang inyong paglipat, bisitahin ang samahan at bumati.
※May ilang pabahay na walang Samahan ng mga residente

#### Ano ang mga aktibidad ng Samahan ng Residente?

- Sa mga pagkakataon ng sakuna tulad ng lindol o sunog, nagpapamahagi ang samahan ng kagamitan tulad ng tubig at pagkain sa lahat ng residente.
- Nagpapangasiwa ang samahan ng mga lugar para sa mga bisikleta at motorsiklo.
- Kapag mayroon kayong problema, maaari kayong makipag-ugnayan sa aming pampublikong samahan at humingi ng tulong.
- Nagdaraos ng mga kaganapan at selebrasyon para sa lahat ng residente na naninirahan sa pampublikong pabahay.







### 2 Tungkol sa araw-araw na pagbati

Kapag nakasalubong ninyo ang mga taong nakatira sa inyong paligid, subukan ninyong magbigay ng「bati」Magkaroon tayo ng komunikasyon sa isa't isa.



May mga patakaran sa pagtatapon ng basura, at ito ay iba-iba depende sa inyong lugar ng tinitirhan. Upang lahat ng residente sa pabahay ay maging komportable sa pamumuhay, sundin natin ang mga patakaran na ito.

## 1 Uri ng basura

Sa tapunan ng basura sa loob ng pabahay maaari ninyong itapon ang mga sumusunod na uri ng basura.

Basurang nasusunog



Basurang hindi nasusunog




Bote, lata, at pet bottle




Gamit na baterya




Mga metal



Basura na sobra sa laki



## 2 Paraan ng pagtatapon ng basura

Ang araw at oras ng pagtatapon ng basura ay iba-iba, depende sa inyong lugar ng tinitirhan at uri ng basura. Maaaring makakuha kayo ng isang gabay sa pagtatapon ng basura mula sa tangapan ng lokal na pamahalaan o sa kanilang website. Maigi na suriin ito bago kayo lumipat.





Halimbawa ng booklet na ipinamamahagi ng Lunsod ng Yokohama

## 3 Paghihiwalay ng basura

Kapag hindi natin ito ginawa o hindi sinusunod ang takdang araw at oras ng paglabas ng basura, hindi ito kukolektahin.
Kapag nanatiling nakatambak ang basura, ito ay maaaring sirain ng mga uwak, at magdulot ng kalat sa lugar ng tapunan ng basura, at ito ay maaaring magdulot ng masamang amoy.
Upang ang lahat ng residente sa pabahay ay magkaroon ng magandang pamumuhay, hinihiling namin ang inyong kooperasyon sa paghihiwalay ng basura.




## 4 Paraan ng pagtatapon ng sobrang laking basura

Ang malalaking basura tulad ng mga kagamitan sa bahay ay tinatawag na "Sobrang laking basura." Upang maipatapon ang malalaking basura, kailangan munang mag-apply. Hindi ito kukunin kung hindi nag-apply at nagbayad ng bayad bago ang pagkuha nito.
Ang paraan ng pag-aapply at pagtatapon ng malalaking basura ay maaaring magkaiba depende sa inyong lugar ng tinitirhan, kaya't magtanong sa mga opisyal ng lokal na pamahalaan o tingnan sa gabay ng basura para sa impormasyon.



## Kung may hindi naiintindihan？

※Kung mayroon kayong hindi naiintindihan tungkol sa paraan ng pagtatapon ng basura o paghihiwalay ng basura, mas mainam na magtanong sa kapawa residente, sa mga kasapi ng samahan ng residente o sa namamahala ng pabahay.





# Mga patakaran sa pamumuhay

## ②Tungkol sa ingay sa pang-araw-araw na buhay

Sa pabahay, madaling maririnig ang ingay galing sa katabing tahanan o sa itaas at ibaba. Kaya't mangyaring sundin ang mga sumusunod na patakaran upang mamuhay nang maayos:

### Maging tahimik sa gabi.



### Iwasang magpukpok na magdudulot ng ingay sa sahig o pader



huwag hayaan ang mga bata na tumalon at maglaro ng bola sa loob ng bahay.

### Huwag mag-ingay sa loob ng kuwarto



kapag nagpaparty at may mga bisita, mag-usap nang mahinahon.

### Huwag palakihin ang tunog ng telebisyon o audio.



Iwasang gumamit ng washing machine o vacuum cleaner nang hatinggabi o madaling-araw.


### Kung may mga pangyayari na hindi maiiwasan maging maingay, mahalaga ang maagap na pag-uusap sa mga katabing residente.

Kapag may mga kaibigan o pamilya na bibisita sa inyong tahanan at magiging maingay, maari ninyong ipaalam sa mga kapitbahay sa itaas, ibaba, o katabing bahay na [May mga kaibigan na darating at maaring maging maingay, kaya't nagpapaumanhin kami sa abala] Ito ay maaaring makatulong upang maiwasan ang mga problema kaugnay ng ingay.



## Mga patakaran sa pamumuhay ③Tungkol sa banyo at palikuran

Mangyaring panatilihing malinis ang mga lagusan ng tubig sa banyo at palikuran sa pamamagitan ng regular na paglilinis.
Ang mga lagusang ito ay konektado sa mga ibang tahanan. Kapag nagbara ang mga lagusan ng tubig, maaaring umapaw ang tubig o maduming tubig sa ibang mga tahanan, na maaaring magdulot ng pananagutan sa pinsala. Bukod dito, huwag itapon ang ibang bagay maliban sa toilet paper sa palikuran.







### Paghahanda para sa mga sitwasyon ng pananagutan…

Bilang paghahanda sakaling magdulot kayo ng pinsala ( danyos perhuwisyo) sa mga tahanan ng ibang tao, inirerekumenda naming magkaroon kayo ng "Personal Liability Insurance" o "Third Party Liability Insurance". Sa ilang kaso, ito ay maaaring kasama sa voluntary insurance ng sasakyan. Mangyaring kumunsulta sa inyong Insurance company para sa karagdagang impormasyon.

## Mga patakaran sa pamumuhay ④Tungkol sa mga pasilyo at balkonahe (Mga bahaging pang kalahatan)

Ang mga pasilyo at balkonahe na hindi bahagi ng mga tahanan ay tinatawag na "mga bahaging pang kalahatan" at hindi dapat sinasakup ng indibidwal. Ang mga ito ay magiging mga daanan sa oras ng sakuna, kaya't huwag maglagay ng mga bagay o basura dito. Bukod dito, dahil may mga taong hindi gusto ang usok ng sigarilyo, mangyaring iwasan ang paninigarilyo sa mga pasilyo at balkonahe.





# Mga patakaran sa pamumuhay

## ⑤Tungkol sa paggamit ng parkihan ng bisikleta

Kapag maglalagay ng bisikleta o motorsiklo, mangyaring magtanong sa mga kasapi ng samahan ng mga residente tungkol sa tamang paraan ng paggamit ng parkihan ng bisikleta. Kung wala kayong samahan ng mga residente sa inyong pabahay, mangyaring makipag-ugnayan sa namamahala ng building.



# Mga patakaran sa pamumuhay


## ⑥Bawal magpatira ng ibang tao sa inyong tahanan

Sa mga patakaran ng samahan ng pabahay, ang mga taong nakalagay sa aplikasyon ng pabahay lamang ang pinapayagang tumira dito. Huwag hayaang tumira sa inyong tahanan ang mga kaibigan o pamilya ng walang pahintulot. Kung may mga pagbabago sa mga taong naninirahan sa tahanan, kailangan ng mga nararapat na proseso. Mangyaring una'y tawagan ang samahan ng pabahay o opisyal ng lokal na pamahalaan para sa mga hakbang na dapat gawin.
(Seksyon ng Namamahala ng pampublikong pabahay Tel. 045-651-1864)

# Mga patakaran sa pamumuhay

## ⑦Bawal magalaga ng pet gaya ng aso at pusa

Hindi po maaari na magalaga ng pet gaya ng aso at pusa sa loob ng pampublikong pabahay.
Kung malalaman na kayo ay nagaalaga ng pet, kayo ay paaalisin.



# Mga nais isagawa kung aalis,o maglilipat

Kinakailangan ang abiso kapag aalis o lilipat mula sa pampublikong pabahay.
Kapag nagpasya na kayong lumipat, mangyaring makipag-ugnayan muna sa opisina ng namamahala ng pabahay.
Ipapadala namin sa koreo ang mga dokumentong kinakailangan para sa paglilipat.
Pagkatapos nito, mangyaring sundin ang mga tagubilin ng namamahala ng pabahay para sa proseso hangang sa maibalik ang susi ng bahay.





# Kontak ng Tagapamahala

Ang impormasyon sa pakiki-pagugnay kung may problema ay nakasulat din sa magnet sticker na nakadikit sa inyong lababo.

| Lugar ng inyong pabahay | | | Tel.no. |
|---|---|---|---|
| ﾌﾛｰﾙ元住吉<br>ﾌﾛｰﾙ梶が谷<br>ﾌﾛｰﾙ横浜山手<br>ﾌﾛｰﾙ川崎戸手<br>ﾙﾘｴ横浜長者町<br>ﾌﾛｰﾙ横浜入江町<br>ﾌﾛｰﾙ川崎下平間<br>ﾌﾛｰﾙ川崎古市場<br>ﾌﾛｰﾙ川崎中幸町<br>ﾌﾛｰﾙ横浜三ツ沢 | 川崎下麻生<br>ﾋﾙｽﾞ千草台<br>ﾌﾛｰﾙ新川崎<br>ﾌﾛｰﾙ山田町<br>ﾌﾛｰﾙ横濱関内<br>ﾙﾘｴ横浜宮川町<br>ｱﾝﾚｰﾍﾞ横浜星川<br>横浜鶴見共同ビル<br>横浜六角橋共同ビル<br>横浜二ツ谷共同ビル | 竹山<br>白根<br>東本郷<br>上白根<br>大里町<br>川島町<br>上作延<br>南平台<br>不動が丘 | かながわ土地建物保全協会<br>横浜北サービスセンター<br>TEL:045-933-0593<br>（平日8：30～17：30） |
| ﾌﾛｰﾙ横浜井土ヶ谷<br>東逗子駅前共同ビル<br>横浜中原第２共同ビル | 不入斗<br>上郷西ケ谷<br>ﾌﾛｰﾙ新杉田 | 浦賀<br>汐見台<br>上郷台 | かながわ土地建物保全協会<br>横浜南サービスセンター<br>TEL:045-778-4425<br>（平日8：30～17：30） |
| 藤沢湘南台<br>ﾚｼﾞｪ戸塚深谷 | 藤沢西部<br>藤沢四ツ辻 | 戸塚深谷<br>藤沢円行<br>上土棚<br>辻堂海岸 | かながわ土地建物保全協会<br>湘南サービスセンター<br>TEL:0466-43-7731<br>（平日8：30～17：30） |
| 相模原高根<br>綾瀬寺尾本町<br>大和東共同ビル | 座間東原<br>大和大塚戸<br>相模原田名 | 春日台<br>大和第２<br>中津桜台<br>相武台<br>下九沢<br>緑ヶ丘 | かながわ土地建物保全協会<br>県央サービスセンター<br>TEL:046-251-2901<br>（平日8：30～17：30） |
| 小田原酒匂<br>ｺﾝｾｰﾙ小田原東町<br>ｺﾝｾｰﾙ小田原中町 | 伊勢原<br>小田原橋<br>伊勢原池端 | 二宮<br>湯河原<br>平塚田村 | かながわ土地建物保全協会<br>西湘サービスセンター<br>TEL:0463-71-1839<br>（平日8：30～17：30） |
| 横浜若葉台 | | | 若葉台まちづくりセンター<br>TEL:045-921-3361<br>（8：30～17：30）<br>水曜日・祝日は定休 |



令和6年5月改訂